

Setyembre 26, 2025

Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyon
Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

Mga Tagapagbigay ng Mga Serbisyo sa Pagsasalita at Wika sa Early Start (Maagang Pagsisimula)

G-2025-Early Start-001

Ano ang Dapat Malaman

Ipinapaliwanag ng dokumentong ito na ang mga Speech-Language Pathologist sa kanilang Clinical Fellowship year (SLP-CF) ay maaaring magbigay ng mga serbisyo sa pagsasalita at wika sa ilalim ng mga sumusunod na kodigo ng serbisyo:

- 116 (Specialized Therapeutic Services) (Mga Serbisyon Espesyalista sa Terapyutika) o
- 805 (Infant Development Program) (Programa sa Pagpapaunlad ng Sanggol).

Parehong SLP-CF na may hawak ng pansamantalang Required Professional Experience o RPE (Kinakailangang Propesyon na Karanasan) na lisensya ng estafo na inisyu ng California Speech-Language Pathology & Audiology & Hearing Aid Dispensers Board (Board) at mga lisensyadong Speech-Language Pathology Assistant (SLPAs) ay nakakatugon sa mga regulasyon sa Titulo 17 para magbigay ng mga serbisyo para sa mga sanggol at maliliit na bata na programa sa Early Start.

May pagkakaiba sa pagitan ng maaaring gawin ng mga SLP-CF at SLPA habang nagbibigay ng mga serbisyo. Ang mga SLP-CF ay maaaring magsagawa ng mga pagsusuri, magplano ng paggamot, at magbigay ng mga direktang serbisyo na may klinikal na pangangasiwa. Ang mga SLPA ay hindi maaaring magsagawa ng mga pagsusuri at dapat gumana sa ilalim ng direktang pangangasiwa ng isang lisensyadong Speech-Language Pathologist (Patolohiya sa Pagsasalita-Wika). Pinahihintulutan na ngayon

ng mga kamakailang pagbabago sa mga regulasyon na maganap ang pangangasiwa na ito sa pamamagitan ng mga elektronikong paraan.

Ano ang Magbabago

Ang mga rate ng pagbabayad para sa mga SLP-CF ay inaayos upang maging katulad ng mga rate ng pagbabayad para sa Mga Propesyonal sa Mga Serbisyong Espesyalista sa Terapyutika (Specialized Therapeutic Services Professionals) sa ilalim ng kodigo ng serbisyo 116 at ang Speech-Language Pathologist (Patolohiya sa Pagsasalita-Wika) na subcode sa ilalim ng kodigo ng serbisyo 805.

Matatagpuan ang mga ito sa binagong dokumentong [D-2024-Rate Reform-003 Kalakip C](#). Inaasahang makakatulong ang pagbabagong ito na mapataas ang access ng mga sanggol at maliliit na bata sa napapanahon at mataas na kalidad na mga serbisyo.